# NAKIKITA KO NA, DAHIL AKO'Y NAKINIG

*A Lord's Flock General Assembly Topic*

Ni: Rev. Fr. Alex Balatbat

Oktubre 21, 2023

Inaanyayahan tayo ng Panginoon na makinig sa Kanya sa panalangin. Ang panalangin ay tungkol sa pakikinig sa Diyos; sa halip na tayo ang pinakikinggan ng Diyos, tayo dapat ang nakikinig sa Kanya. Karamihan sa atin ay nais na hikayatin o manipulahin ang Diyos para sa ating pansariling kagustuhan. Hindi nababago ng panalangin ang Kanyang magandang plano sa ating buhay. Bago tayo isinilang, may plano na Siya para sa atin, "Sapagkat batid kong lubos ang mga plano ko para sa inyo; mga planong hindi ninyo ikasasama kundi para sa inyong ikabubuti. Ito'y mga planong magdudulot sa inyo ng kinabukasang punung-puno ng pag-asa." (Jer. 29:11). Higit pa rito, dapat tayong manalangin upang bigyan tayo ng grasya ng Diyos na matutunan ng ating puso ang makinig sa Kanyang kalooban.

**Ang Kahalagahan ng Pakikinig sa Diyos sa pamamagitan ng Panalangin:**

1) **Pagbabagong-anyo**. Pumunta si Jesus sa bundok at taimtim na nanalangin at nakinig sa kalooban ng Diyos - Kinailangan Niyang magdusa at ialay ang Kanyang buhay para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Siya ay nagbagong-anyo: Ang kanyang mukha ay nagliwanag na parang araw, at nagningning sa kaputian ang Kanyang damit (Mat. 17:2).

2) **Paglikha.** Tayo ay nilikha upang magmahal at ang unang tungkulin ng pag-ibig ay ang makinig.

3) **Mahal na Birheng Maria**. Siya ang perpektong halimbawa ng pagsunod at pakikinig. Noong ipinahayag sa kanya ng anghel Gabriel na siya ay magkakaanak ng isang lalaki, nakinig siya sa anghel at nagpasakop sa kalooban ng Diyos, "Ako'y alipin ng Panginoon. Mangyari nawa sa akin ang iyong sinabi." (Lucas 1:38). Kaya, isinilang ang Tagapagligtas.

4) **Ang kapalaran ni Jonas**. Nilamon siya ng malaking isda nang hindi niya sinunod ang utos ng Diyos na magtungo sa Nineveh upang turuan ang mga tao na magsisi. Sa wakas, pagkatapos ng tatlong araw, iniluwa siya (Jonas 1:17). Sa huli, pumunta siya sa Nineveh upang gawin ang kalooban ng Diyos at ang lungsod ay nagsisi. Kaya naman, iniligtas sila ng Diyos.

**5) Mga Turo ng Simbahan:**

5.1 Ang bawat Kristiyano ay inuutusang basahin ang banal na kasulatan, humingi ng payo mula sa mga iginagalang na mga taong ipinadadala sa atin ng Panginoon tulad ng mga nakatatanda, *psychologist*, mga pari. Sila ay hinirang upang turuan tayong makinig upang maging malinaw ang ating pananaw.

5.2 Higit pa rito, tinuturuan tayo ng Diyos na maranasan ang sakit at kalungkutan; ang pagluha ay isang pagpapahayag ng ating panalangin at pagmamahal. Pinapayagan Niya na tayo ay masaktan upang tayo ay maging alerto, at makinig sa kung ano ang nais Niyang sabihin. Palaging mayroong isang sagradong mensahe at layunin ang ating paghihirap. Ang pagluha sa oras ng paghihirap ay isang pagkakataon para makinig tayo sa mensahe ng Diyos.

**6. Panalangin.** Ulitin natin ang panalangin ng ating tagapagsalita, Fr. Alex, upang makakuha ng indulhensiya mula sa Diyos:

"Panginoon, kami ay naririto na humihingi ng iyong karunungan. Nagmamakaawa kami sa iyo, dahil naniniwala kami na ang kamangmangan ng Diyos ay mas dakila kaysa sa karunungan ng tao (1 Cor. 1:25). Dalangin namin na dalisayin Mo ang aming puso, upang makagawa kami ng paraan para tingnan nang malinaw ang mga bagay, hindi na sa aming makikitid na pag-iisip. Hayaan mo kaming makakita ng mga bagay sa aming paligid hindi mula sa aming pananaw, kundi sa pananaw ng Diyos na naka-aalam ng lahat, dahil ikaw lamang ang nakababatid ng pinakamabuti para sa amin."

**Konklusyon:**

Mahalagang makinig tayo sa tinig ng Diyos sa pamamagitan ng ating panalangin upang maliwang na makita ang katotohanan sa gitna ng kalituhan at maraming katanungan sa buhay. Binigyan tayo ng Diyos ng biyayang makinig at makakita ayon sa kanyang pananaw.

**Pagninilay:**

1. Nagdarasal ka ba at nakikinig sa mga dikta ng iyong konsensya at puso? Nakikinig ka ba kay Hesus?
2. Nakinig ka na ba sa turo ni Hesus tungkol sa pagpapatawad? Napatawad mo na ba at ipinanalangin iyong kaaway?

***Scribes Ministry:***

Isinalin ni: Sis Mayflor Barcita

Na-edit ni: Sis Nida Cruz

Para sa higit pang mga turo, bisitahin ang website: https://lordsflock.org/teachings/digests

Mga tag: #Panalangin #Pananampalataya#Kagalingan